5

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo 7-8
## Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto
### Learning Activity Sheets (LAS)

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



# SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS

**Araling Panlipunan 5**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission

to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writer:** Marlo M. Ebale

**Editor:** Christopher D. Balatero, Merlinda T. Japay,
Prescilla P. Capisnon, Rhey G. Eder

**Reviewers:**

**Layout Artist:** Jay S. Mateo, Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | | |
|---|---|---|
| VI | Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO |
| | OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| | Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| | Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| | Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| | Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL G. BASO, PhD |

**Printed in the Philippines by** ________________________________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ________________________

| Linggo 7-8 | Napahahalagahan ang mga katutubong Pilipinong lumaban upang manatili ang kanilang kasarinlan |
|---|---|



## *Panimula*


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets)** ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa Ika-limang baitang upang mapahalagahan ang mga katutubong Pilipinong lumaban upang manatili ang kanilang kasarinlan. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang madagdagan ang inyong kaalaman.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa mga layunin at epekto ng Reduccion at Tributo sa mga katutubong Pilipino.

Aralin 1. Mga Takdang Pananakop sa mga Katutubong Pangkat.

**Pagkatapos mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:**

1. maipaliliwanag ang mga dahilan ng hindi maging matagumpay na pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat;
2. masusuri ang iba't ibang reaksiyon ng mga katutubong pangkat sa armadong paraan ng pananakop ng mga Espanyol;
3. natutukoy ang mga sanhi at bunga ng mga pakikipaglaban ng mga katutubong pangkat at iba pang reaksyon sa kolonyalismong Espanyol;
4. masusuri ang epekto ng kolonyalismong Espanyol sa pagkabansa at pagkakalilinlanng mga Pilipino.



## ***Paunang Pagtataya***

**Panuto**: Basahing mabuti ang bawat aytem.Bilugan ang titik ng tamang sag0t.

1.Sino ang may aktibong ugnayang pangkalakalan sa bawat isa at sa mga karatig sultanato sa timog-silangang asya?

A. Espanyol B. Pilipinas C. Igorot D .Sultanato

2.Ano ang tawag sa digmaan na pinamumunuan ni Sultan Kudarat?

A. *jihad* B .Igorot C. Moro D. Sultanato

3.Sa pagkatuklas ni Miguel Lopez de legaspi, saan dinala ang minang ginto ng mga Igorot?

A. Europa B, Espanya C. Ilocos D. Tarlac

4. Anong pangkat ng katutubong Pilipino na naninirahan sa mga kabundukan ng Cordillera?

A. Cebuano B. Igorot C. Muslim D.Tagalog

5.Ayun sa mga Muslim ito ay hindi lamang isang relihiyon kung hindi isa ring para-an ng pamumuhay ang __________?

A. Animismo B. Babaylan C. Islam D. Pagano

6.Bakit armadong paraan ng pagsakop ang ginagamit ng mga Espanyol upang kalabanin ang mga Igorot at Muslim ?

A. Ang armadong paraan ang pinakaepektibo sa isinasagawang pananakop ng mga Espanyol.

B. Armadong pamamaraan din ang ginamit ng mga Igorot at Muslim sa mga Espanyol.

C, Hindi nais ng mga Espanyol na mapayapang paraan ang pakikipaglaban sa

mga Espanyol.

D.Ipinatupad nila ang patakarang divide and rule.

7.Ano ang tawag sa labanang Muslim sa Mindanao at puwersahang Espanyol?

A. Digmaang Igorot C. Digmaang Moro

B. Digmaang Mindanao D. Digmaang Muslim

8.Sino ang Sultan na nagpasimula ng ikaapat na Digmaang Moro at unang naglunsad ng *jihad* sa mga Espanyol? .

A. Espanyol C. Sebastian

B. Esteban Marin D. Sultan Kudarat

9.Ano ang isang lugar na hindi napagtagumpayang sakupin ng mga Espanyol?

A. Bohol B. Cebu C.Cordillera D. Leyte

10. Sino ang hindi nasakop ng mga Espanyol sa Mindanao dahil sa lakas at tapang na ipinamalas ng mga mandirigmang Muslim?

A. Bisaya B. Perata C. Prayle D.Sultanato



## *Pag-aralan*

### Mga Katutubong Pangkat Na Hindi Napasailalim Sa Mga Espanyol

Hindi naging ganoon kadali para sa mga Espanyol ang pagsakop sa Pilipinas. Bukod sa paggamit ng dahas, kinakailangang gumamit ng mga taktika upang masupil ang mga katutubo at tanggapin ang kolonyalismo. Bagama't nasakop ang kapatagang bahagi ng Luzon at Visayas, hindi naman nasakop ang mga kabundukan sa hilagang bahagi ng Luzon. Hindi rin nasakop ang mga sultanato sa Mindanao, dahil sa lakas at tapang na ipinamalas ng mga mandirigmang Muslim laban sa mga Espanyol.

Nang hindi masupil ng mga Espanyol ang mga Igorot at Muslim ay higit na naging marahas ang kanilang pamamaraan. Gamit ang ibat-ibang armas ay nagpadala ng mga ekpedisyong militar ang pamahalaang kolonyal sa Cordiilera at sa Mindanao upang tiyaking matatalo ang mga katutubong puwersa na kilala sa kanilang angking lakas at kapanyarihan.

Ipinatupad nila dito ang divide ang rule policy na naglalayang pagwatak-watakin ang mga katutubo upang hindi sila magkaisa laban sa mga Espanyol. Bilang bahagi

ng kanilang taktika, naghirang din ang mga Espanyol ng mga katutubong mersenaryo upang labanan ang mga kapuwa katutubo.

## Ang mga Igorot sa Cordillera

Isa sa mga lugar na hindi napagtagumpayang ang sakupin ng mga Espanyol ay ang kabundukan ng Cordillera. Naninirahan dito ang mga Igorot, na nahahati sa iba't-ibang pangkat etnolingguwistiko. Ibaloi, Isneg (o Apuyao ). Kankanaey, Kalinga, Bontoc, at Ifugao. Nakabatay ang kanilang hanapbuhay sa pagsasaka, gayundin sa paghahabi ng tela, pagnganganga, at pangangayaw o paglahok sa mga digmaan laban sa ibang pangkat etniko. Mayroon din silang paniniwalang panrelihiyon kung saan tinitingnan ang kalikasan bilang tahanan ng mga espirito.

## Pananakop sa mga Igorot dahil sa Ginto

Bahagi ng tangkang pananakop ng mga Espanyol sa mga Igorot ay ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo. Ang paniniwalang animismo ng mga Igorot ay itinuturing ng mga Espanyol na isang uri ng pagsamba sa mga demonyo. Ayon sa mga mananakop, upang maligtas ang kaluluwa ng mga Igorot, kailangan nilang yakapin ang Kristiyanismo. Dagdag pa rito, hangad din ng mga Espanyol na gawing "sibilisado" ang mga Igorot tulad ng kanilang ginagawa sa mga katutubo sa kapatagan.

Sa katunayan, ang hangad ng mga Espanyol ay ang deposito ng ginto sa Cordillera. Natuklasan nila mula kay Miguel Lopez de Legazpi ang mina ng ginto sa Cordillera na ayon sa balita ay dinadala ng mga Igorot sa Ilocos. Tulad ng naging Karanasan ng kanilang mga kolonya sa South America, nais din ng mga Espanyol na makinabang sa deposito ng ginto sa Cordillera.

Agad nagpadala ng misyon si Legazpi sa Ilocos sa pamumuno ng kaniyang apo na si Juan de Salcedo upang siyasatin ang mga gintong ibinenta rito ng mga Igorot. Ipinagpatuloy ng mga sumunod na gobernador heneral ang pagpapadala ng mga misyon sa Cordillera upang hanapin ang ginto rito. Lalong naging maigting ang paghahanap ng ginto sa pagsiklab ng Thirty Years War sa Europe dahil sa matinding pangngailangan ng Spain ng pantustos sa digmaan.

Noong 1624, tuluyang inihinto ang paghahanap ng minang ginto sa Cordillera. kasunod nito, napag-alamang mababang kalidad lamang ang gintong nanggagaling dito.

## Pananakop sa mga Igorot dahil sa Kristiyanismo

Matapos ang hindi matagumpay na paghahap ng ginto sa Cordillera, ipinadala naman dito ang mga Dominiko at Augustiniano upang gawing Kristiyano ang mga Igorot. Nais ng mga Espanyol na mabura ang sinaunang relihiyon ng mga Igorot at baguhin ang kanilang pamumuhay ayon sa pamantayan ng mga Espanyol. Bukod dito, hinikayat din ng mga prayle ang mga Igorot na bumaba ng kabundukan at manirahan sa mga itinatag na *pueblo* sa kapatagan bilang mga mamamayang may sibilisasyon.

Nagpadala ng misyon ang mga Espanyol sa Cordillera upang maghanap ng ginto at gawing Kristiyano ang mga Igorot. Ipinag-utos ni Gobernador-Heneral Francisco de Tello de Guzman ang pagpapadala ng misyong relihiyoso sa Cordillera sa pamumuno nina Kapitan Mateo de Aranda at Padre Esteban Marin, ang kura paroko ng Ilocos.

Tinangka ni Marin na kumbinsihin ang mga Igorot na nakikipagtulungan kay Aranda. Sa katunayan, sinubok niyang magsulat ng isang diksiyunaryo ng wikang Igorot upang maging mas madali ang pakikipagtalastasan sa mga katutubo.

Mahigpit na tinutulan ng mga Igorot ang tangkang binyagan sila sa Kristiyano. Ilan sa mga prayleng misyonero ay kanilang dinakip at pinatay. Bilang tugon ay ipinasunog ni Aranda ang mga bahay ng mga Igorot at puwersahang sinupil ang mga katutubo.

Hindi nagtagumpay ang mga Espanyol sa misyong binyagan sa Kristiyanismo ang mga Igorot. Una, naging mahirap para sa mga misyonero na tunguhin nang madalas ang bulubundukin ng Cordillera. Pangalawa, nagkaroon ng kakulangan sa mga misyonerong maaaring ipadala sa lalawigan. Huli, naging mahirap din para sa mga sundalong Espanyol na ipadala sa Cordillera na lupigin ang mga mandirigmang Igorot sa bulubunduking kabisado nila ang pasikot-sikot.

## Pananakop sa mga Igorot dahil sa Monopolyo sa Tabako

Pagsapit ng ika-19 siglo, muling nagpadala ng misyon ang mga Espanyol sa Cordillera upang magtatag dito ng pamahalaang militar. Ito ay upang masigurong susunod ang mga Igorot sa ipinatupad ni Gobernador-Heneral Jose Basco y Vargas sa monopoly sa tabako noong 1781.

Sa ilalim ng mopolyo sa tabako. Lahat ng maaaning tabako ng mga Igorot ay bukod-tanging sa pamahalaang kolonyal dapat ibenta. May mga hinirang na kinakatawan ang pamahalaan na siyang may karapatang bumili ng tabako sa mga katutubo. Gayunpaman, hindi ito sinunod ng mga Igorot na patuloy pa ring nagbebenta ng tabako nang patago sa ibang mangangalakal.

Upang mabantayan ang mga Igorot gayundin ang mga taga Pangasinan, itinatag ang *Comandancia del Pais de Igorrotes.* Binubuo ito ng mga beteranong sundalo sa pamumuno ni Guillermo Galvey. Nahati din ang rehiyon sa iba't ibang *comandancia*. Mula 1829 hanggang 1839 ay inilunsad ang armadong pananalakay sa mga Igorot.

Sa ilalim ng nasabing monopolyo, iba't ibang pang-aabuso ang naranasan ng mga katutubo dahil kadalasang dinadaya lamang sila ng mga ahente ng pamahalaan. Dahil ang mga kinakatawan lamang ang maaaring bumili ng tabako mula sa mga

Igorot, maaari nila itong bilhin sa murang halaga,pagkatapos ay ibibinta sa pamahalaan sa mataas na halaga. Gayunpaman, hindi nagtagumpay ang *Comandancia* na pasunurin ang mga Igorot sa monopolyo sa tabako. Kasunod nito, noong 1856 ay nabigyan din ang mga Espanyol ng karapatan magmina sa rehiyon sa pagkakatatag ng *Sociedad Minero-Metalurgica-Filipina de Mancayan.* Ngunit katulad ng naunang patakarang ipinatupad, hindi muling nagtagumpay ang mga Espanyol na masakop ang mga Igorot. Dahit dito, tinagurian sila ng historyador na si William Henry Scott bilang *tribus independientes* o "tribong Malaya."

## Ang Mga Muslim Sa Mindanao

Kagaya ng mga karanasan ng mga Igorot, hindi rin agad nasakop ng mga Espanyol ang mga Muslim sa Mindanao. Mula ika-7 hanggang ika-14 na siglo, ay sinakop ng mga Moors, mga Muslim mula sa kasalukuyang Algeria at Morocco, ang Spain. Batay sa karanasang ito, batid ng mga Espanyol na hindi magiging madali na magapi ang mga Muslim sa timog ng Pilipinas.

## Ang tatlong Sultanato Sa Mindanao

Mayroong tatlong matatatag na sultanato sa Mindanao pagsapit ng ika-16 na siglo. Ito ay sultanato ng sa Sulu, sultanato ng Maguinadanao, at sultanato ng Buayan.

Ang mga sultanato ay may aktibong ugnayang pangkalakalan sa bawat isa at sa mga karatig sultanato sa Timog-silangang Asya. Nabibigkis din sila ng kasunduang ipagtanggol ang bawat isa sa oras ng kagipitan. Noong 1571 ay sinimulan ng mga Espanyol ang pagsakop sa Mindanao. Nilabanan ng mga Muslim ang puwersang pagsakop ng mga Espanyol. Tinawag ang labanan na ***Digmaang Moro***. Dahil sa katapangan ng mga Muslim, nananatili silang malaya sa pananakop ng mga Espanyol maliban sa ilang nahagi ng Mindanao.

## Mga Digmaang Moro

Tulad ng Cordillera, naging maigting din ang pagpapadala ng mga Espanyol ng mga ekspedisyong militar sa Mindanao upang tuluyan na itong mapasailalim sa kanila. Sa panahong ito, anim na digmaan ang sumiklab sa pagitan ng mga Muslim at mga Espanyol.

Sa pang-apat na Digmaang Moro inilunsad ang kauna-unahang *jihad* o banal na digmaan laban sa mga Espanyol. Ito ay sa pamumuno ni Sultan Kudarat

Nagtatag ng kuta sa Zamboanga ang mga Espanyol noong 1635 upang magsilbing lunsaran ng pagsakop nila sa mga sultanato sa Mindanao. Nais din nilang mapahina ang kapangyarihan ng mga Muslim at maipalaganap ng Kritiyanismo. Pinangunahan ni Gobernador-Heneral Sebastian Hurtado de Corcuera ang kampanya ng mga Espanyol laban sa mga Muslin.

Noong 1637 nakuha ng mga Espanyol ang Lamitan na siyang kabisera ni Kudarat. Isang taon ang lumipas, bumalik si Corcuera sa Jolo at napasuko si Kudarat. Nagpalakas si Kudarat at ipinagpatuloy ang paglaban sa mga Espanyol. Hindi magapi si Kudarat kaya napilitang makipagkasundo ang mga Espanyol sa Sultan noong 1645. Taong 1655 ay pinatay ang sugo ng mga Espanyol dahil pilit na pinapatanggap ang Kristiyanismo kay Kudarat. Dito na naglunsad ng unang *jihad* si Kudarat. Hindi sumalakay ang mga Espanyol at isinara ang kuta nila sa Zamboanga noong 1663. Pansamantalang naging mapayapa ang Mindanao at umiral ang kaayusan.

Sa mga labanang tinalakay, makikita na ang mga layunin ng pagsalakay ng mga Espanyol sa Cordillera at Mindanao ay ang pagpapalaganap ng Kritiyanismo, naroon din ang layunin na matalo ang malakas na puwersa ng mga katutubo upang ganap na masakop ang Pilipinas at mabigyang karangalan ang Spain, kasama din sa layunin nila ang pangangalap ng mga kayaman upang magamit sa pagpapatupad ng kolonyanismo at maipangtustos sa ibang digmaag kinasasangkutan nila. Hindi naging madali para sa mga Espanyol na maisakatuparan ang layunin dahil sa ipinamalas na katapangan ng mga katutubo.

## Mga Pananaw at Paniniwala ng mga Sultanato tungkol sa Kalayaan

Mahalaga sa mga Muslim na mapanatili ang kalayaan, lalo na sa aspekto ng relihiyon. Para sa kanila, ang Islam ay hindi lamang isang relihiyon kung hindi isa ring paraan ng pamumuhay. Ang kanilang pang-araw-araw ng pamumuhay ay umiinog sa pagsamba kay Allah. Ang paniniwala nila sa salat o pagdarasal ng limang beses sa isang araw ay nanganganib na mawala. Malakas ang loob ng mga sultanato na lumaban sa mga Espanyol dahil may mabuting ugnayan ang mga ito sa Brunei at Indonesia.

Higit na katanggap-tanggap ang mga sultanato kaysa kolonyalismo dahil sa ilalim ng sultanato, hindi sapilitang ipinasailalim sa kapangyarihan ng mga sultan ang mga dating datu at rajah. Sa halip ay hinayaan nila itong pamunuan ang kanyan kanyang teritoryo. Sa ilalim ng kolonyalismo, tanging ang mga mananakop na Espanyol ang kinikilalang pinakamakapangyarihang pinununo sa bansa.

Mahihinuha sa talumpati ni Kudarat sa mga datu kung bakit hindi dapat hayaan na magpasailalim sa kapangyarihan ng mga Espanyol. Sa talumpati ni kudarat ay ipinaliwanag niya ang mga bagay na posibleng danasin nang sinumang mapasailalin

ng kapangyarihan ng mga Espanyol. Binalaan din niya ang mga datu na huwang magpadala sa matatamis na salita ng mga Espanyol.

## Kolonyalismong Espanyol at Pagkakakilanlan ng mga Pilipino


Malaki ang naging impluwensya ng kolonyalismong Espanyol sa pagbuo ng bansa at pagkakakilanlan ng mga Filipino. Bilang isang arkipelago, isang hamon ang ipasailalim sa isang sentralisadong pamamahala ang hiwa-hiwalay na kaharian ng Pilipinas. Dahil sa puwersahang pagsakop ng mga Espanyol, napabilis ang pagkakaisa ng magkakahiwalay na kaharian upang labanan ang mga dayuhang mananakop. Pinagbuklod sila ng iisang karanasan sa ilalim ng mga Espanyol na siyang gumising sa kanilang damdaming makabayan.

Dahil dito, binago ng kolonyalismong Espanyol ang kultura at lipunan ng mga Filipino. Nagbago ang uring panlipunan kung saan ang sinaunang kaayusang pinamumunuan ng mga datu at napalitan ng lipunan kung saan ang nasa pinakamataas na uri ay ang mga Espanyol, sumunod ang mga *mestizo*, at ang pinakamababa ay ang mga katutubo.

Dulot ng kolonyalismo, nabawasan ang karapatan at kalayaang tinatamasa ng mga mamamayan lalo na ng kababaihan. Nabago din ang kultura ng pananamit, pagkain, pag-aasal, panirahan, panitikan, arkitektura, at iba pa. pinakamalawak na pagbabago ay ang pagyakap ng mga katutubo sa Kritiyanismo.

Gayunpaman, hindi tuluyang nabura ang sinaunang tradisyon at kultura ng mga Filipino.

Dahil sa kalayuan ng Pilipinas sa Espanya, masasabing hindi gaano katindi ang epekto ng pagpapalaganap ng kulturang Espanyol sa bansa kung ihahabing sa karanasan ng iba nitong kolonya gaya ng Mexico. Sa huli, nagbigay daan ang kolonyalismong Espanyol upang matuklasan ng mga katutubo kung ano kaya ang kanilang gawin upang maipagtanggol ang karapatan nilang mamuhay ng Malaya. Hinamon nito ang katatagan ng mga Filipino at nagbigay-daan din sa pag-unlad ng pagkakakilanlang Filipino.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: Basahing at piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot. Titik lamang ang

isulat sa patlang.

C. Jose Basco y. Vargas
B. Ginto
D. kapitan Mateo de Aranda
A. Juan de Salcedo
E. **Corcuero**

______1. Namumuno sa misyon sa Ilocos na Apo ni Legaspi

______2 . Namumuno sa misyong relihiyoso sa Cordillera.

______3. Nagpapatupad ng monopolyo sa tabako.

______4. Nagpasuko kay Sultan Kudarat.

______5. Isa sa gusto o hangad ng mga Espanyol sa Cordillera.

**Gawain 2.**

**Panuto**: Salungguhitan ang salitang tinutukoy sa pangungusap.

1.Ano ang hangad o gusto ng mga Espanyol na gawin sa mga Igorot katulad sa mga katutubo sa kapatagan? ( Sibilisado / Sultanato )

2.Pagsapit ng ika-19 siglo muling nagpadala ng misyon ang mga Espanyol at ito'y nagtatag ng isang pamahalaang _____. ( Militar / Sibil )

3.Sino ang mga katutubong hindi nasakop sa Mindanao dahil sa lakas at tapang na ipinamalas ng mga mandirigmang Muslim laban sa mga Espanyol? ( Sultanato / Perata )

4.Ano ang isa sa mga misyon kung bakit nagpadala ng mga Espanyol sa Cordillera? ( Ginto ? Abaca )


5.Ano ang gustong dapat sundin o yakapin ng mga Igorot ayon sa mga Espanyol upang mailigtas ang kanilang kaluluwa? ( Kristiyanismo / Sultanato )

Gawain 3.

Panuto.Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa iyong pananaw sa ginagawang

pakikipaglaban ng mga Igorot at Muslim sa mga Espanyol. Kung sakaling may dayuhang mananakop sa Pilipinas sa kasalukuyan, gagawin mo rin ba ang ginagawang paglalaban ng mga Igorot at Muslim? Bakit / bakit hindi?

| Rubriks sa Pagmamarka ng Sanaysay | | |
|---|---|---|
| Pamantayan | Puntos | Nakuhang Puntos |
| Malinaw na naipahayag ang saloobin tungkol ng mga Muslim at Igorot sa Kolonyalismo. | 5 | |
| Maayos ang pagkakasulat ng sanaysay at ugnayan ng mga kaisipan. | 5 | |
| Kabuuang Puntos | 10 | |



## *Paglalahat / Repleksyon*

**Panuto:** Sagutin ang sumsusunod base sa inyong natutunan.

Natuklasan ko…

3

3 bagay na nakita ko

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________


Natutunan ko ang…

______________________________

2

______________________________

2 interesadong
bagay na
natutunan ko



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Basahin at unawain ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit nagbago ang lipunan ng mga Filipino?
   A. Dahil sa digmaan C. Dahil sa kolonyalismong Espanyol
   B. Dahil sa Igorot D. Dahil sa Muslim
2. Ano ang ipinatupad ng mga Espanyol sa naglalayong pagwatak-watakin ang mga katutubo ?
   A. Divide and rule policy B. Encomienda C. Reduccion D. Vinta

3.Bakit mas katanggap-tanggap sa mga Muslim ang mga Sultanato sa Mindanao

kaysa kolonya ng Espanyol?

A. Higit na nakasanayan ang mga Muslim ang sultanato kaysa kolonya.
B. Hindi pananakop at walang puwersahan sa pagsunod ang mga Muslim sa kapangyarihan ng sultan.
C. Nais nilang kilalanin ang kapangyarihan ng hari.
D. Papalitan ng kakaibang relihiyon ang sultanato sa ilalim ng kolonya.

4.Sino ang hindi nasakop na mga Espanyol sa Mindanao dahil sa lakas at tapang na ipinamalas ng mga mandirigmang Muslim?

A. Bisaya B. Legapi C. Perata D. Sulatanato

5.Paano magkakabigkis ang mga sultanato sa isat-isa?
A. Kanya kanyang pamamaraan
B.Ipagtanggol ang bawat isa sa oras ng kagipitan.
C. Pabayaan ang bawat isa sa oras ng kagipitan.
D. Sundin ang pasya ng karamihan.

6.Ano ang tawag sa kauna-unahang digmaan na inilunsad sa pang-apat na Digma-ang Moro?

A. *Jihad* C. Labanan sa Cordillera
B. Labanan sa Muslim B. Sultanato

7. Kailan nagtatag ang mga Espanyol ng kuta sa Zambuanga upang magsilbing lun-saran ng pagsakop nila sa mga sultanatong Muslim?
A. 1718 B. 1571 C. 1663 D. 1635

8. Ilang digmaan ang sumiklab sa pagitan ng mga Muslim at Espayol ?
A. 2 B. 3 C. 5 D. 6

9. Anong dahilan na masasabing pinakamalawak na pagbabago sa Pilipinas ayon sa mga katutubo?
A. Aminismo B. Kritiyanismo C. Paganismo C. Sultanato

10. Bakit nagising ang damdaming makabayan ng mga katutubong Pilipino?
A. Dahil sa nabago ang kanilang kultura.
B. Dahil nabago ang kanilang lipunan.
C. Dahil sa puwersahang pagsakop ng mga Espanyol.
D. Dahil sila ang pinakamataas na uri sa lipunan.

Gawain 2.

Panuto. Talakayin ang BUNGA at SANHI ng mga karanasan ng mga Igorot at Mus-lim sa tangkang pananakop ng mga Espanyol. Hanapin ang bunga at sanhi sa ibaba at ilagay sa loob ng kahon sa tamang lalagyan.

| Labanan | Sanhi | Bunga |
|---|---|---|
| Labanan sa Cordillera noong 1601 | | |
| Paglulunsad ng *jihad* noong 1635 | | |

Bunga at Sanhi:

- Nahirapan silang maisakatuparan ang layunin dahil sa katapangan ng mga katutubo
- Maghanap ng ginto at gawing Kristiyano ang mga Igorot
- Sakupin ang mga sultanato ng Mindanao: Makakuha ng kayamanan
- Ipinasunog ni Aranda ang mga bahay

- Nabigo ang pagsakop ng mga Espanyol sa Cordillera

## ***Susi sa Pagwawasto***

**Linggo 7-8**

## Sanggunian:

**Linggo 7:**

Gabuat, M. A, Mercado M., and Jose M. *Araling Panlipunan 5.* Philippines: Vibal group Inc., 2016

Avelina P. Palu-ay Makabayan Kasaysayang Pilipino 5 Araneta Avenue, cor. Ma. Clara St. Quezon City: 2010 LG & M Corporation

**Linggo 8:**

Gabuat, M. A, Mercado M., and Jose M. *Araling Panlipunan 5.* Philippines: Vibal group Inc., 2016

Avelina P. Palu-ay Makabayan Kasaysayang Pilipino 5 Araneta Avenue, cor. Ma. Clara St. Quezon City: 2010 LG & M Corporation